Education Bureau

# Patakaran Ukol sa Libreng De-kalidad na Edukasyon Para sa Kindergarten

# Suporta Para sa mga Batang Hindi Nagsasalita ng Tsino




(Tagalog)

## Patakaran Ukol sa Libreng De-kalidad na Edukasyon Para sa Kindergarten


## Suporta Para sa mga Batang Hindi Nagsasalita ng Tsino

Ang maagang pagsisimula ng mga batang hindi nagsasalita ng wikang Tsino (Non-Chinese speaking o NCS) na matutunan ito ay magpapabilis ng pakikibagay nila sa takbo ng pangunahing kurikulum at sa integrasyon sa lokal na komunidad. Ang mga magulang ng mga batang NCS ay hinihikayat na papasukin ang kanilang mga anak sa mga kindergarten (KG) kung saan sa kapaligiran ay ganap na ginagamit ang wikang Tsino sa lalong madaling panahon upang mapabilis ang kanilang pagkatuto ng wikang Tsino. Ang Pamahalaan ay nagsusulong ng isang serye ng mga hakbang upang suportahan ang mga batang NCS na makapasok sa mga KG at mapagsilbihan ang kanilang mga pangangailangan sa pagkatuto at pag-unlad.

# Mga Pansuportang Hakbang

### Pagtanggap sa Mag-aaral

- Kailangang tiyakin ng lahat ng nasa mga KG ang pantay-pantay na pagkakataon sa pagtanggap ng lahat ng mga bata maging anupaman ang kanilang lahi, kasarian at kakayahan, at ang mekanismo ng pagtanggap sa kanila na nakabatay sa paaralan ay kailangang patas, makatarungan, bukas at sumusunod sa mga ordinansang laban sa diskriminasyon.
- Ang mga KG ay pinaaalalahanang gumamit ng parehong Ingles at Tsinong bersyon sa kanilang mga form ng aplikasyon, sa mga impormasyon ukol sa mekanismo ng pagpasok na nakabatay sa paaralan at kriterya sa pagpasok, at magbigay ng tulong sa mga magulang ng mga batang NCS. Halimbawa, maaaring payagan ng mga KG na samahan ang mga magulang ng isang kamag-anak/kaibigang nagsasalita ng Tsino sa panahon ng panayam upang mapabilis ang komunikasyon.
- Nag-oorganisa ng mga seminar ng magulang ukol sa pagpasok sa Nursery (K1) para sa mga magulang ng mga batang NCS taun-taon. Ibinibigay ang serbisyong interpretasyon kung naaangkop.
- Ang mga kaukulang materyal na inilathala ng Education Bureau (EDB), tulad ng mga polyeto, poster, mga gabay na kasulatan at form ng Aplikasyon para sa Sertipiko ng Rehistrasyon para sa Pagpasok sa KG ay isinalin sa anim na pangunahing etnikong minoryang wika, kasama ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Tagalog, Thai at Urdu.
- Ang KG Profile, na inilathala sa parehong Ingles at Tsino, ay nagbibigay ng isang malawak na hanay ng mga impormasyon ukol sa paaralan na nagsisilbing sanggunian para sa mga magulang sa pagpili ng paaralan.
- Ang mga magulang ng mga batang NCS na nakakaranas ng mga tunay na kahirapan sa pagsusumikap na makapasok sa mga KG ay maaaring dumulog sa EDB para sa referral, kung naaangkop, sa mga KG na sumasali sa Sistema ng Libreng De-kalidad na Edukasyon para sa KG (Free Quality KG Education Scheme o Scheme-KGs) na may mga bakante.



### Pagsisilbi sa mga Pangangailangan ng mga Mag-aaral na NCS

- Upang masuportahan ang mga KG sa pagsisilbi sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na NCS, ipinagkakaloob ang iba't ibang mga pamamaraan ng suportang nakabatay sa paaralan. Ang lahat ng KG ay maaaring magpatala upang makasali.
- Ang mga propesyunal na programang pagsasanay patungkol sa pagtuturo sa at pagkatuto ng mga mag-aaral na NCS ay iniaalok sa mga KG.
- Ang Sistemang-KG (Scheme-KGs) na tumatanggap ng 8 o higit pang mga mag-aaral ay maaaring magpatala para sa isang karagdagang gawad para sa pagpapalawig ng suporta sa mga mag-aaral na NCS.
- Upang matulungan ang mga KG na mapahusay ang komunikasyon sa mga magulang ng mga mag-aaral na NCS, isang set ng Communication Cue Cards at isang set ng mga template para sa mga karaniwang ginagamit na pabatid sa paaralan ang isinalin na sa anim na pangunahing etnikong minoryang wika upang magamit sa mga KG.
- Ang naisapanahon nang Gabay para sa Kurikulum ukol sa Edukasyon sa KG (KG Education Curriculum Guide) ay nagtatatag ng direksyon at mga prinsipyo para sa pagpapabilis ng integrasyon ng mga mag-aaral na NCS sa mga kapaligiran ng lokal na paaralan pati na ang pagpapakilala ng mga tukoy na estratehiya at mga kaukulang masasangguni ukol sa kung paano makakatulong ang mga guro sa mga mag-aaral na NCS na matuto ng Tsino.



# Iba Pang Mga Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon o tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa EDB:

- Mga Telepono ng Regional Educational Offices:
  2863 4646 (HK),
  3698 4108 (KLN),
  2639 4876 (NTE) at
  2437 7272 (NTW)
- Telepono ng Joint Office for Kindergartens at Child Care Centres: 3107 2197
- Iba pang mga kaukulang website:
  - **Libreng De-kalidad na Edukasyon Para sa KG**
    www.edb.gov.hk/free-quality-kg-edu_en
  - **Mga Pagsasaayos Para sa Pagpasok sa mga Klaseng K1 sa mga KG**
    www.edb.gov.hk/k1-admission_e
  - **KG Profile**
    www.chsc.hk/kindergarten/en/
  - **Mga Serbisyong Pang-edukasyon Para sa mga Mag-aaral na NCS**
    www.edb.gov.hk/ncs